Ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay tinitipon niya sa paglalakbay ang ng dasal na Dhuhr at dasal na `Asr;kapag ito ay nasa gitna ng paglalakad,at tinitipon niya ang pagitan ng Dasal na Maghrib at `Eishah

Ayon kat `Abdullah bin `Abbas malugod si Allah sa kanilang dalawa;Nagsabi siya;((Ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay tinitipon niya sa paglalakbay ang ng dasal na Dhuhr at dasal na `Asr;kapag ito ay nasa gitna ng paglalakad,at tinitipon niya ang pagitan ng Dasal na Maghrib at `Eishah))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Naiiba ang [Pamamaraan ng] Batas ng Propeta natin na si Muhammad pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa ibang [Pamamaraan ng] Batas ng kalangitan dahil sa pagiging Mapag-patawad at Magaan at pagtanggal sa lahat ng pagdurusa at paghihirap sa mga inoobliga o di kaya`y ang pagpapagaan rito,At kabilang sa mga pagpapagaan na ito: Ang pag-tipon sa paglalakbay ng dalawang Dasal na pinagsama sa oras.Ang nararapat ay ang pag-oobliga sa paggawa ng bawat dasal sa oras nito,Ngunit kabilang sa nakasanayan ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Kapag siya ay naglalakbay,at napatindi sa kanya ang paglalakad sa paglalakbay niya;ay ang Pag-tipon sa pagitan ng dasal na Dhuhr at `Asr,maging ito man ay Pagpapa-una o Pgpapahuli,at ang Pag-tipon sa pagitan ng dasal na Maghrib at `Eishah,maging ito man ay Pagpapa-una o Pgpapahuli,Isinasaalang-alang niya ang mas madali sa kanya at sa sinumang naging kasama niya sa mga manlalakbay,Kaya`t ang paglalakbay niya ang magiging dahilan sa pag-tipon niya sa dalawang dasal,sa oras ng isa sa kanila;Sapagkat ang oras ay naging isang oras para sa dalawang dasal na ito,At dahil din sa ang Paglalakbay ay tahanan ng paghihirap sa pagbaba at paglalakad,at dahil sa ang pagpapahintulot sa pag-tipon ay hindi ginawa liban pagpapadali rito [sa manlalakbay].

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5323